# OVPGEER

# Report

## August 2024



The Office of the Vice President for Global Engagement and External Relations (OVPGEER) of De La Salle University-Dasmarinas holds its start-of-the-year planning workshop held at the ADG Reception Hall. Facilitated by Dr. George Francisco, Vice President for Global Engagement and External Relations, Dr. Nornelyn Cachuela, Director for Linkages and Scholarship, Dr. Grace Red, Director for Lasallian Community Development Center, and Dr. Jefferson Buenviaje, Director for Advancement and Alumni Relations.


The workshop centered on the discussion about the division's Key Performance Indicators including mapping out of targets for SY 2024-2025. Other participants were coordinators, officers, and staff members of the three units under OVPGEER.

Isinagawa ang isang upskilling na programa para sa mga kalihim ng pamantansan tuon sa pagsulat ng katitikan ng pulong at pagdebelop ng pubmat. Layon nitong higit pang paghusayin ang kasanayan ng mga kalihim sa teknikal na pagsulat na naaangkop sa kasalukuyang panahon. Ang naturang gawain ay pinangunahan ng Tanggapan ng Pangalawang Pangulo sa Pakikipag-ugnayang Global at Gawaing Panlabas (OVPGEER) katuwang ang HRMO.

Ang naturang pagsasanay ay pinangunahan ni Tagapangulong Raymond Ibasco, samantalang ang pagtalakay sa pubmat at styleguide ng pamantasan ay pinangasiwaan ni PJohn Catapang ng Strategic Communications Office.











Isinagawa ang isang eksploratoryong pulong sa pagitan ng DLSU-D at Philippine Sports Commission hinggil sa planong kolaborasyon ng dalawang institusyon. Tuon ng naturang pagsasanib ay ang mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral at tagapagsanay ng pamantasan sa larang ng isports na magkaroon ng eksposyur, imersiyon, at pagsasanay kaagapay ang komisyon at mga ahensiyang kakabit nito. Sa kabilang dako, magsisilbi ring sanayan ang ilang mga espasyong pang-isports ng pamantasan para sa mga pambansang atleta.
Dinaluhan ang pulong nina Dr. George Francisco, Pangalawang Pangulo sa Pakikipag-ugnayang Global at Ugnayang Panlabas, Mr. Gerry Segio ng Tanggapan ng Isports, Ms. Chona Manalo, Tagapangulo ng PED, Dr. Nor Cachuela, direktor ng Linkages at Iskolarsyip, gayondin ng mga kinatawan ng PSC na sina Mr. Lito Cinco at Mr. Rondelle de Leon.



DLSU-D joins the Ceremonial MOU contract signing and launch of the Korean-Philippine Omics Partnership Network (KPOP-NET) launch during the 3rd KOICA-UPLB-IRRI International Conference at IRRI UP Los Banos. Representing DLSU-D President Br. Francisco Sockie de la Rosa IV, FSC is Dr. Johnny Ching, DLSU-D's Deputy Provost for Research

From DLSU-D to Vietnam! Aero Micro Cillado, a computer science student is set to explore the vibrant world of technology as a student exchange participant at FPT University starting August. Here's to new adventures and endless possibilities!
The contract signing was attended by the Vice President for Global Engagement and External Relations, Dr. George Francisco, Linkages and Scholarship Director, Dr. Nor Cachuela, and the Program Mobility Officer, Ms. Rachelle Arbiol.



De La Salle University-Dasmariñas, College of Tourism and Hospitality Management co-hosted the 2nd ASEAN Youth Entrepreneur Forum 2024 "Igniting Entrepreneurial Sparks." This 2-day event was held at the London School of Public Relations at Jakarta, Indonesia last August 5-6, 2024.
The group was led by the CTHM dean, Mr. Paul Anthony Notorio. The delegates included three Hospitality Management students and three Tourism Management students, namely: Mr. John Emmanuel Manes, Mr. Erick Jordan Ejercito, Mr. Isiah Jendric Dehesa, Ms. Yochebel Liann Domondon, Ms. Abegail Cerbania, and Ms. Jumenica Anne Santos. Further, Mr. Notorio, Mr. Manes, and Ms. Domondon presented their respective research undertakings during the Day 1 of the event.
The Day 2 of the event featured a cultural heritage tour. Specifically, a visit to the ASEAN headquarters and various sites at Kota Tua.
Special thanks to the Linkages and Scholarship Office and the Office of the Vice Chancellor for Academics and Research for making this activity possible.



De La Salle Brothers, Br. Joseph and Br. Morris from Yangon, Myanmar hold a post-evaluation meeting with DLSU-D administrators regarding the university's engagement with La Salle Yangon.
The university as it fulfills its initiatives and commitment to its partners and stakeholders continuously provide foundational academic and mission support to other Lasallian schools abroad.
Brs. Joseph, Morris, and Inigo were received by Dr. George Francisco, Vice President for Global Engagement and External Relations, and Dr. Evelyn Obo, the university's Director for Curriculum.



Malugod na tinanggap nina Dr. George Francisco at Dr. Nor Cachuela si Dr. Angelika Riyandari, Direktor ng Tanggapan ng Pandaigdigang Pakikitungo at Pakikipag-ugnayan mula sa Soegijapranata Catholic University sa Indonesia. Layon ng kaniyang pagbisita na makapagsagawa ng pulong at pakikisangkot sa mga stakeholder ng ating pamantasan upang higit na palakasin ang mga programa gaya ng gawaing ektensiyon, student exchange, faculty exchange, at iba pang anyo ng akademikong gawain.

Nakipagpulong din si Dr. Riyandari sa mga miyembro ng Lasallian Student Ambassadors upang paigtingin ang ugnayang pangmag-aaral sa pagitan ng DLSU-D at SCU.



Ikinagagalak ng Pamantasang De La Salle-Dasmarinas na tanggapin ang unang grupo ng mag-aaral na Pranses bilang mga exchange student na magiging bahagi ng Kolehiyo ng Inhenyeriya, Arkitektura, at Teknolohiya (CEAT) simula Agosto hanggang Disyembre. Kukuha sila ng mga kurso sa ilalim ng naturang kolehiyo na may layuning maisakonteksto at makita ang komplementariti ng larang ng inhinyeriya mula sa kanilang bansa sa Pransiya. Ang mga mag-aaral ay sina Oscar Le Brun, Camille Mahe, Elisabeth Giraud, Jeremy Rouet, at Luca Ostad. Ang kanilang pananatili sa pamantasan ay bunsod ng kasunduan sa pagitan ng DLSU-D at ilang piling institusyon sa Europa. Bukod sa akademikong pakikisangkot, sila rin ay magiging bahagi ng mga programang pangmisyon at ekstensiyon na lilinang sa kanilang buhay Lasalyano, gayondin ang ugnayan sa Lasallian Student Ambassadors.



DLSU-D joins the Ceremonial MOU contract signing and launch of the Korean-Philippine Omics Partnership Network (KPOP-NET) launch during the 3rd KOICA-UPLB-IRRI International Conference at IRRI UP Los Banos. Representing DLSU-D President Br. Francisco Sockie de la RoSa IV, FSC is Dr. Johnny Ching, DLSU-D's Deputy Provost for Research




Nilagdaan ng Pamantasang De La Salle Dasmarinas at Cavite State University ang isang kasunduang magpapalalim sa ugnayan ng dalawang premyadong akademikong institusyon sa lalawigan ng Cavite. Layon ng kasunduan na makapagsagawa ng kolaboratibong gawaing akademiko gaya ng pagpapalitan ng eksperto sa iba't ibang larang, pananaliksik kaugnay sa araling Cavite, at pagbabahaginan ng mga resorses na magpapalakas para sa dalawang pamantasan. Ang paglagda ay pinangunahan nina Dr. Hernando Robles, Pangulo ng CVSU at ng piling administrador ng DLSU-D na sina Dr. Cristina Salibay, Dr. George Francisco, at Dr. Nor Cachuela.



Muling lumagda ng kasunduan ang programa ng Sikolohiya ng Dalubhasaan ng Malalayang Sining at Komunikasyon at Review for Global Opportunities (RGO) kaugnay sa pagpapatupad ng mga pagsasanay sa kahandaan ng mga mag-aaral ng Sikolohiya para sa taunang board examination. Bahagi ng naturang kasunduan ay ang pagbibigay rin ng libreng porum at palihan para sa mga propesor ng departamento, residente ng Bahay Pagasa, Tanggapan ng Student Wellness, at iba pa. Isa rin sa naging adyenda ay ang oportunidad para sa mga mag-aaral na makakuha ng iskolarsyip na ilulunsad ng RGO katuwang ang Tanggapan ng Linkages & Scholarship. Kasama sa paglagda sina Dr. George Franisco, Dr. Edwin Lineses, Mr. Loreto Camiloza, Dr. Nor Cachuela, Ms. Maerol Ormas at Mr. Archie Sunga.

Isinagawa ang oryentasyon para sa mga potensiyal na iskolar ng LSEG (London Stock Exchange Group) na dinaluhan ng mahigit isandaang mag-aaral mula sa Accountancy, Business Administration, Information Technology, Applied Math, at Computer Science. Ang mapipiling mga iskolar ay magkakaroon ng pagkakataon ng libreng matrikula, mga kagamitang pampagkatuto, at makakuha ng suportang pinansyal sa iba pang gastusing pampaaralan. Pinangunahan ang gawaing ito ng Tanggapan ng Iskolarsyip sa pamumuno ni Dr. May Mojica, Mr. Dennis Bautista, mga namamahala sa LSEG, gayondin ng Office of the Vice President for Global Engagement and External Relations.





Malugod na tinanggap ng DLSU-D si Ferran Larriba Perez, inbound exchange student mula La Salle Campus Barcelona, Ramon Llull University, Spain. Siya ay masayang sinalubong nina Dr. Sonia Gementiza, Dr. George Francisco, Dr. May Mojica, Ms. Rachelle Arbiol, at Dr. Nor Cachuela. Mananatili si Ferran sa pamantasan simula Agosto hanggang Disyembre at kukuha ng mga kurso sa ilalim ng Kolehiyo ng Pamamahalang Pangnegosyo at Akawntansi. Magkakaroon din siya ng ilang espesyal na kurso sa wikang Filipino at kulturang Pilipino.







Isang benchmarking aktiviti ang isinagawa sa pagitan ng DLSU-D at DLS Medical and Health Sciences Institute hinggil sa mahuhusay na gawi ng Lasallian Student Ambassadors (LSA). Plano ng DLSMHSI na bumuo ng sarili nilang grupo gaya ng LSA na siyang mangangasiwa sa mga diplomatikong gampanin sa kanilang institusyon. Kabilang sa mga dumalo ay sina Witty Fenol na siyang tagapanguna sa tanggapan ng linkages sa DLSMHSI, Dr. Nor Cachuela, direktor ng linkages ng DLSU-D, kasama ang ilang piling student ambasssador na mahusay na naglatag ng kanilang mga programa.



Nilagdaan nina Pangulong Br. Sockie de la Rosa VI FSC at Mayor Jenny Barzaga ng Lungsod ng Dasmarinas ang isang kasunduan hinggil sa ugnayan ng Lasallian Community Development Center (LCDC) at City Social Welfare and Development na naglalayong maiangat at mapaigting ang antas ng ilang piling serbisyong panlipunan sa lungsod. Ang proyektong tinawag na HAPAG (Handog Pag-ibig) ni Juan ay bahagi ng inisyatiba ng komunidad ng De La Salle Brothers sa Dasmarinas sa pangunguna ni Br. Vic Franco katuwang sina G. Jose Ritche Bongcaron at ang mga miyembro ng LCDC.

LCDC Program Officers Iris Diorella Andaya and Maria Theresa Gochuico participated in the "Deepening our Commitment to Laudato Si Principles and Practice: Strengthening the Zero Waste Church Policy of the Diocese of Imus". They presented research results on "Assessment of Zero Waste Church", and "Profiling and Training Needs Assessment of Diocese of Imus Ministry on Ecology", respectively. Dr. Gochuico also provided the synthesis of the activity.
The activity is part of the Plastic Free Pilipinas Project in Cavite by the Institute for the Development of Educational and Ecological Alternatives, Inc (IDEAS) and the Diocese of Imus Ministry on Ecology (DiMEC).






Dasmariñas City Social Welfare and Development Office and DLSU-D Lasallian Community Development Center met to map out concrete action plans for implementing the HaPag (Handog Pag-ibig) ni Juan Project, aimed at supporting the city's street dwellers.